

KAGALINGAN AT PAGGALING NG KATAWAN



**Nagkakaloob ang
Partnership HealthPlan of California**
ng mga serbisyo ng paggamot sa
karamdaman sa paggamit ng substansya
para sa mga taong mayroong
Medi-Cal at nilalaban ang
adiksiyon sa droga at/o alkohol

**Wellness &
Recovery**
HOPE IS HERE

**1 sa 12 Taaga-California ay
mayroong Karamdaman dahil
sa paggamit ng Substansya***

Paano makatutulong ang Partnership HealthPlan of California sa paggaling ng inyong katawan?

Nagkakaloob kami ng mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya para sa mga taong mayroong Medi-Cal at nilalaban ang adiksiyon sa droga at/o alkohol.

**Nakikipagtulungan kami sa isang kumpanyang
tinatawag na Carelon Behavioral Health para sa
mga serbisyong ito.**

**Tumawag sa
Carelon sa
(855) 765-9703
Mga gumagamit
ng TTY,
tumawag sa
(800) 735-2929
o 711**



Ano ang ginagawa ng Carelon?

Handa ang mga tagapayo ng Carelon na tumulong sa inyo 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Isang sanay na provider ng pangangalaga sa kalusugan o tagapayo tungkol sa paggamit ng droga at alkohol ang magsusuri sa pamamagitan ng telepono. Ikokonekta kayo sa provider ng paggamot sa oras ng pagtawag at pagkakalooban ng akses sa mga provider ng paggamot sa inyong lugar.

Magkano ang paggamot?

Kung kayo ay mayroong Medi-Cal na walang bahagi ng gastos, libre para sa inyo ang paggamot.

Kung kayo ay mayroong Medi-Cal na may bahagi ng gastos, kailangan ninyong bayaran ang hanggang sa buwanang bahagi sa halaga ng gastos.

Anong uri ng paggamot ang aking makukuha?

Makatutulong ang pagsusuri sa pagpapasya kung anong uri ng paggamot ang inyong kailangan. Nakabatay sa mga pangangailangang medikal ang lahat ng serbisyong paggamot sa paggamit ng substansya at maaaring kinabibilangan ng:

- Masinsinan/Karaniwang Paggamot sa Outpatient
- Paggamot na Gagawin sa Tirahan
- Pamamahala ng Paghinto
- Paggamot sa Opioid
- Paggamot na Tinutulongan ng Medikasyon
- Mga Serbisyo sa Paggaling
- Pamamahala ng Kaso

Makakakuha kayo ng mga serbisyo mula sa nakakontratang provider ng Partnership. Maaaring mangailangan ang ilang serbisyong paggamot ng paunang pag-apruba ng Partnership.

Paano ko malalaman kung makakakuha ako ng mga serbisyong Kagalingan at Paggaling ng Katawan ng Partnership?

Maaari ninyong makuha ang mga serbisyong ito kung kayo ay may Medi-Cal at nakatira sa isa sa mga sumusunod na county: Humboldt, Lassen, Mendocino, Modoc, Shasta, Siskiyou, at Solano. Tumawag sa Carelon sa (855) 765-9703. Mga gumagamit ng TTY, tumawag sa (800) 735-2929 o 711.

Kung hindi kayo nakatira sa isa sa mga county na ito, kontakin ang ahensya ng kalusugan ng pag-iisip sa inyong county. O tumawag sa Partnership sa (800) 863-4155. Mga gumagamit ng TTY, tumawag sa (800) 735-2929 o 711.

Paano kung tinagubilinan ako na tumanggap ng paggamot?

Makikipagtulungan ang aming mga provider sa inyo at sa korte o ahensya sa kapakanan ng bata upang siguruhin na nakukuha ninyo ang kinakailangang paggamot.

10% ng mayroong Karamdaman sa Paggamit ng Substansya ay makakatanggap ng paggamot*

*Estadistika batay sa pag-aaral sa paggamit ng substansya sa California noong 2018 mula sa California Health Care Foundation



Bisitahin ang www.partnershiphp.org para sa karagdagang impormasyon tungkol sa:

- Programa ng Partnership na Kagalingan at Paggaling ng Katawan ng Drug Medi-Cal
- Akses sa Handbook ng Miyembro ng Programa ng Partnership na Kagalingan at Paggaling ng Katawan ng Drug Medi-Cal
- Mga magagamit na provider
- Iba pang serbisyong ipinagkakaloob namin

Gusto ba ninyong ipadala sa koreo ang impormasyon patungo sa inyo?

Maaari ninyong makuha ang impormasyon ng Programang Kagalingan at Paggaling ng Katawan sa iba pang wika o format tulad ng braile, malalaking titik, at audio nang libre.

Tumawag sa Partnership sa (800) 863-4155. Mga gumagamit ng TTY, tumawag sa (800) 735-2929 o 711.

Para sa karagdagang impormasyon mula sa Carelon, pakitawagan ang kanilang hotline. Bukas ang Carelon nang 24 na oras kada araw 7 araw kada linggo. Naghihintay ang mga tagapayo sa wastong paggamit ng droga at alkohol. Tumawag sa (855) 765-9703. Mga gumagamit ng TTY, tumawag sa (800) 735-2929 o 711.

**Partnership HealthPlan of California –
Ang Inyong Partner sa Kalusugan**

